Grace Christian School Inc.
Buwanang Pagsasanay sa Filipino VI
Buwan ng Pebrero

Pagtukoy ng pang-uri kung ito ay panlarawan, pamilang o pantangi.

______________ 1. Kausapin natin ang ating kaklase na **mahiyain**.

______________ 2. **Maalalahanin** ang aking mga magulang.

______________ 3. Nakapila na ang mga mag-aaral sa **ika-anim** na baitang.

______________ 4. Binigyan ako ni Tatay ng **singkuwenta** pesos.

______________ 5. Tangkilikin natin ang mga produktong **Pilipino**.

______________ 6. **Luma** na ang mga kasangkapan sa bahay ni Lola.

______________ 7. Si Jessica ang **pangalawang** kalahok na kakanta.

______________ 8. Napakatamis ng mga manggang **Guimaras**!

______________ 9. Ang mga daan papuntang bayan ay **baku-bako**.

______________ 10. Si Noynoy Aquino ay ang **ikalabinlimang** pangulo ng Pilipinas.

______________ 11. Nagpadala ako ng mga longganisang **Lucban** kay Shiela.

______________ 12. Dalhin mo itong **itim** na bag sa loob ng bahay.

______________ 13. Sinusuklay ni Nanay ang **mahabang** buhok ni Rachel.

______________ 14. Isinuot ni Ginoong Martin ang bagong barong **Tagalog**.

______________ 15. Nakaabang sa pinto ang **tatlong** aso ni Rommel.

LIVEWORKSHEETS

Pagtukoy ng Kaantasan ng Pang-uri kung ito ay lantay, pahambing, o pasukdol.

______________ 1. Napakaganda ng mga palamuti sa mga bahay tuwing Pista ng Pahiyas!

______________ 2. Magandang asal ang paggamit ng "po" at "opo" sa pakikipag-usap sa mga nakatatanda sa iyo.

______________ 3. Ang buhok ni Katrina as mas mahaba sa buhok ni Sarah.

______________ 4. Di-gaanong mabigat ang dalang bag ni Joshua.

______________ 5. Ang galing-galing ng mga mananayaw na napanood namin!

______________ 6. Huwag kayong pumunta sa lugar na mapanganib.

______________ 7. Ubod ng hirap ang trabaho ng isang manggagawa sa pabrikang ito.

______________ 8. Magsintanda ang lolo ni Jose at lolo ni Pedro.

______________ 9. Ang pamayanan sa tabing-dagat ay payapa.

______________ 10. Si Jason ang pinakamatangkad na anak ni Ginang Rosario.

______________ 11. Ibigay mo ang makapal na aklat kay Ginoong Reyes.

______________ 12. Ang dalawang sanggol ay magkatimbang.

______________ 13. Kay bait-bait ng mga kasambahay ni Ginang Raymundo!

______________ 14. Si Juan ay singkupad ng pagong.

______________ 15. Bukod-tangi ang talento ni Juan Luna.

LIVEWORKSHEETS

Mga Pang-uring Magkasingkahulugan o Magkasalungat:
Kung ang dalawang pang-uri sa isang bilang ay magkasingkahulugan, piliin ang tsek (✓), Kung ang dalawang pang-uri ay magkasalungat, magsulat ng piliin ang ekis (x).

_________ 1. mataas, mababa

_________ 2. mabilis, matulin

_________ 3. dukha, mayaman

_________ 4. matalino, henyo

_________ 5. malinis, dalisay

_________ 6. tunay, totoo

_________ 7. mahalimuyak, mabango

_________ 8. bago, luma

_________ 9. presko, sariwa

_________10. kahinaan, kakulangan

LIVEWORKSHEETS